Gabay sa Programa para sa Nag-aaral ng Ingles 2010-2011

San Francisco Unified School District

Educational Placement Center
555 Franklin St., Room 100
San Francisco, CA 94102
(415) 241-6085 www.sfusd.edu

Mga Oras: 8:00 n.u. - 4:30 n.h. Lunes - Biyernes

Mensahe Mula sa Superintendiyente

Setyembre 2009

Mahal naming Mga Magulang at
Mga Nangangalagang Nasa Tamang Edad:

Salamat sa paglalaan ninyo ng panahon upang alamin ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga programang magagamit ng mga Nag-aaral ng Ingles. Ang layunin ng gabay na ito ay upang bigyan ang mga magulang ng mga Nag-aaral ng Ingles ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga programang pang-edukasyon na magagamit ng mga estudyanteng Nag-aaral ng Ingles. Ang gabay na ito ay kinabibilangan din ng mga detalye ng mga pagsusuri sa lengguwahe para sa mga Nag-aaral ng Ingles, at isang kalahatang paglalarawan sa proseso ng pagpapalista. Sa paghahandog ng gabay na ito, layunin ng Distrito na tagumpay na magamit ng mga magulang ng mga Nag-aaral ng Ingles ang proseso ng pagpapalista sa paraang nagbibigay-daan sa kanila upang makagawa ng nakababatid at naaangkop na pagpili ng mga programang pang-edukasyon para sa kanilang anak.
Bilang dagdag sa Mga Programa ng Distrito para sa Nag-aaral ng Ingles (English Learner Programs), kabilang din sa gabay na ito ang Mga Programa sa Edukasyon sa Maramihang Lengguwahe (Multilingual Education Programs). Kapag hindi magagamit ang Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe (Dual Immersion) o Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy Pathway), bibigyan ng Mga Programa sa Edukasyon sa Maramihang Lengguwahe ang mga Nag-aaral ng Ingles ng pagkakataon upang maipagpatuloy nila ang kanilang pag-aaral sa kanilang lengguwaheng ginagamit sa bahay o matuto ng ibang lengguwahe.

Ang impormasyong ito ay dapat gamitin kasama ng Gabay sa Pagpapalista sa Distrito na nagbibigay ng mas marami pang impormasyon tungkol sa mga paaralan at sa proseso ng pagpapalista.

Gumagalang,

Superintendiyente Carlos A. Garcia

Talaan ng Mga Nilalaman

Mensahe mula sa Superintendiyente…….....i

Talaan ng Mga Nilalaman ……. ii

Paano Magpalista: Mga Hakbang…… 1

Mga Pagsusuri sa Lengguwahe ……..3

Mga Programa para sa Nag-aaral ng Ingles.....6

Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe…….....6

Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe 7

Landas tungo sa Ingles at Iba Pa…….....8

Landas para sa Bagong Dating…….....9

Mga Programa sa Edukasyon sa Maramihang Lengguwahe 10

Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Isang Lengguwahe…….... 10

Landas Para sa Banyagang Lengguwahe sa Paaralang Elementarya.....10

Mga Programa sa Sekundaryang Lengguwaheng Pandaigdig…….....11

Listahan ng Programa para sa Nag-aaral ng Ingles.....12

Listahan ng Programa sa Edukasyon sa Maramihang Lengguwahe.....14

Libre na Mga Serbisyo sa Pagsasalin at Interpretasyon 15

Mga Pagkakataon upang Makasali ang Magulang……..15

Mga Malimit na Katanungan sa Pagpapalista ……..16

Paano Magpalista: Mga Hakbang

1. Planuhin Nang Maaga ang Pagrerehistro "Sa-takdang oras"
Kapag nag-aplay kayo hanggang sa Enero 8, 2010, makukuha ninyo ang pinakamabuting tsansa na maitalaga kayo sa hiniling ninyong paaralan. Lahat ng mga aplikasyon na matatanggap hanggang Enero 8, 2010 ay sama-samang mapoproseso. Hinihimok namin kayong maglaan ng oras upang alamin ang tungkol sa at bisitahin ang mga paaralan bago ninyo isumite ang inyong aplikasyon sa pagpapalista. Kung nagsumite kayo ng aplikasyon pagdating ng Enero 8, 2010, malalaman ninyo kung saan kayo maitatalaga sa kalagitnaan ng Marso 2010.

2. Saliksikin Ang Lahat ng Inyong Maaaring Pagpiliang Paaralan
Naghahandog ang San Francisco Unified School District (SFUSD) ng marami at sari-saring mga de-kalidad na programang pampaaralan. Habang bawat paaralan ay responsable sa pagtuturo sa ating mga anak sa magkakaparehong matataas na mga pamantayang pang-akademika, bawat paaralan ay may mga kakaibang tampok at serbisyo. Alamin ang tungkol sa inyong mga pagpipiliang paaralan upang malaman kung aling mga paaralan ang pinaka-makakatugon sa mga pangangailangan ng inyong anak.

Bisitahin ang mga paaralan
Hinihimok namin kayo na bisitahin ang mga paaralang pinag-iisipan ninyo para sa inyong anak. Ito ay mabuting paraan upang inyong makilala ang mga kawani, malaman ang tungkol sa mga serbisyo, at mapakiramdaman ang kapaligiran ng paaralan. Hinihimok ng lahat ng mga paaralan ang mga bisita. Naglista kami ng "mga araw ng pagbisita" sa paglalarawan tungkol sa bawat paaralan sa Gabay sa Pagpapalista. Isinama rin namin ang mga numerong tatawagan para sa bawat paaralan. Mangyari lamang na tumawag nang mas maaga at planuhin ang inyong pagbisita sa kanila. Dumaan sa opisina ng paaralan upang lumagda at mamasyal, obserbahan ang mga klase, at kausapin ang mga prinsipal, mga guro, at iba pang mga magulang.

Bisitahin ang Sentro ng Paglalagak Pang-edukasyon o Educational Placement Center (EPC)
Ibinibigay ng EPC ang mga pinakamahalagang impormasyon tungkol sa mga paaralan sa SFUSD. Masasagot ng mga kawani ang inyong mga katanungan tungkol sa mga paraan ng pagpapalista at mga patnubay sa pagtatalaga. Ang EPC ay namamahagi ng mga aplikasyon sa pagpapalista at mga babasahin na naglalaman ng impormasyon tungkol sa proseso ng pagpapalista, tumatanggap ng mga aplikasyon sa pagpapalista, nagsasagawa ng mga pagsusuri sa lengguwahe, at lumilikha ng mga alok na pagtatalaga. Mga oras: 8:00 n.u. hanggang 4:30 n.h., Lunes hanggang Biyernes.

Bisitahin ang aming website
Tingnan ang impormasyon tungkol sa mga paaralan sa SFUSD sa aming website sa www.sfusd.edu. Ang aming website ay naglalaman ng kalahatang impormasyon tungkol sa aming distrito ng paaralan at pagpapalista. Bilang dagdag, bawat paaralan ay naglalathala ng taunang ulat na makukuha sa aming website. Ang mga ulat ay kinabibilangan ng isang buod tungkol sa paaralan at mga datos tungkol sa demograpiko, pagpasok, at mga iskor sa pagsusulit. Ang mga babasahin ay makukuha rin sa ibang mga lengguwahe.

3. Kumuha at Kumpletuhin ang Aplikasyon sa Pagpapalista
Maaari ninyong hilingin ang alinmang paaralan sa Distrito at maaari kayong maglista ng hanggang pitong paaralan sa inyong aplikasyon sa pagpapalista. Ang mga aplikasyon sa pagpapalista ay makukuha sa lahat ng mga paaralan sa SFUSD at sa Sentro ng Paglalagak Pang-edukasyon (Educational Placement Center) na nasa 555 Franklin Street, San Francisco, CA 94102. Maaari din ninyong i-print ang aplikasyon mula sa aming website sa www.sfusd.edu. Kung ang inyong anak ay kasalukuyang pumapasok sa isang paaralan sa San Francisco Unified School District at papasok sa middle school (ika-6 na baitang) o hayskul (ika-9 na baitang) sa susunod na taon, matatanggap ninyo ang aplikasyon sa koreo. Kung hindi ninyo matanggap ang aplikasyon sa koreo pagdating ng Nobyembre 7, 2009, tumawag sa EPC upang hingin ito.

Paano Magpalista: Mga Hakbang

Kakailanganing ibigay ng mga bagong estudyante at ng mga kamakailan lang lumipat ang sumusunod na mga orihinal na dokumento kasama ang aplikasyon sa pagpapalista:

A. ID ng Magulang/Tagapangalaga na may larawan
B. Katibayan ng kapanganakan kabilang ang sertipiko ng kapanganakan, pasaporte o opisyal na talaan sa ospital. Kung hindi laman ng dokumento ang pangalan ng magulang/tagapangalaga, kakailanganin ang karagdagang pagpapatunay sa pangangalaga.
C. Dalawang (2) katibayan ng adres ng bahay na naglalaman ng pangalan at adres ng magulang/tagapangalaga. Kailangang ibigay ang anumang dalawa (2) sa sumusunod na orihinal na mga dokumento na napetsahan sa nakaraang 45 araw:
    - Isa hanggang dalawang (1-2) (mga) kuwenta ng babayaran para sa mga serbisyong pampubliko, tulad ng kuryente, mula sa magkaibang ahensiya ng mga serbisyo gaya ng PG&E, tubig, cable o Sunset Scavenger. Hindi tatanggapin ang mga kuwenta ng babarayan para sa cell phone.
    - Kapwa rehistro ng sasakyan at seguro ng sasakyan (Ibibilang na isang (1) katibayan)
    - Polisa sa seguro ng nagmamay-ari ng bahay o nangungupahan
    - Kasulatan ng buwis sa ari-arian
    - Opisyal na sulat mula sa isang ahensiya ng serbisyong panlipunan o ng pamahalaan
    - Nanotariohang kasulatan ng paglilipat ng ari-arian (grant deed), titulo ng ari-arian o kasunduan sa pagrerenta/pag-upa na may dokumentasyon ng may-ari ng ari-arian

4. Isumite ang Inyong Aplikasyon sa Pagpapalista
Tiyakin na isusumite ninyo sa takdang araw ang inyong aplikasyon sa pagpapalista. (Tingnan ang “Mahahalagang Petsa” sa pahina 5 ng Gabay sa Pagpapalista) Dapat kayo mismo ang magsumite ng inyong aplikasyon. Kung ang inyong anak ay nasa isang paaralan sa SFUSD sa transisyonal na baitang (ika-5 o ika-8), isumite ang inyong aplikasyon sa pagpapalista sa kasalukuyang paaralan ng inyong anak. Kung ang inyong anak ay papasok sa kindergarten at mayroon kayong mas matandang anak na kasalukuyang pumapasok sa isang paaralang elementarya sa SFUSD, maaari ninyong isumite ang inyong aplikasyon sa paaralang elementarya sa SFUSD na pinapasukan ng inyong nakatatandang anak. Kung ang inyong anak ay papasok sa paaralan sa SFUSD sa unang pagkakataon o inililipat ninyo ang inyong anak mula sa isang paaralan sa SFUSD patungo sa isa pang paaralan sa SFUSD sa isang di-transisyonal na baitang, isumite ang inyong aplikasyon sa pagpapalista sa Sentro ng Paglalagak Pang-edukasyon (Educational Placement Center).

5. Itakda ang Mga Pagsusuri sa Lengguwahe (kung naaangkop)
Kung gumagamit ang inyong anak ng ibang lengguwahe maliban sa Ingles, siya ay susuriin para sa kanyang kasalukuyang mga kakayahan sa lengguwahe at maaaring karapat-dapat siyang tumanggap ng mga karagdagang serbisyo. Tinitingnan ng mga pagsusuri sa lengguwahe ang kahusayan ng isang bata sa Ingles at sa kanyang katutubong lengguwahe. Dahil ang mga resulta ay nakakatulong sa mga magulang na tukuyin ang naaangkop na programang paglalagakan sa kanilang anak, dapat isumite ng mga magulang nang maaga ang kanilang aplikasyon sa pagpapalista upang maitakda at maisagawa ng EPC ang naaangkop na mga pagsusuri. Pagtapos matanggap ng mga magulang ang mga resulta, magkakaroon sila ng pagkakataon na kumpletuhin ang kanilang aplikasyon sa pagpapalista. Tingnan ang pahina 3 ng gabay na ito para sa karagdagang impormasyon.

6. Irehistro ang Inyong Anak sa Paaralan kung Saan Siya Itinalaga
Sa oras na maitalaga ang inyong anak, irehistro siya sa itinalagang paaralan sa loob ng panahong nakasaad sa sulat sa inyo tungkol sa pagtatalaga. Kung hindi ninyo mairehistro ang inyong anak pagdating ng itinakdang huling araw, makakansela ang alok at ang puwesto ay ibibigay sa ibang mga estudyante.

Mga Pagsusuri sa Lengguwahe

Tuwing ipapakita ng Survey tungkol sa Lengguwaheng Ginagamit sa Bahay (Home Language Survey) sa aplikasyon sa pagpapalista na ang estudyante ay gumagamit ng ibang lengguwahe maliban sa Ingles, sinusuri ang mga estudyante at maaaring karapat-dapat silang tumanggap ng mga karagdagang serbisyo. Tinitingnan ng mga pagsusuri sa lengguwahe ang kahusayan ng isang bata sa Ingles at sa kanyang katutubong lengguwahe. Walang pumapasa/bumabagsak sa mga pagsusuri. Dahil ang mga resulta ay nakakatulong sa mga magulang na tukuyin ang naaangkop na programang paglalagakan sa kanilang anak, inirerekomenda ng Distrito na masuri ang mga estudyante bago kumpletuhin ang aplikasyon sa pagpapalista. Ang mga resulta ay nakakatulong sa mga magulang na tukuyin ang naaangkop na programa para sa kanilang anak. Ang mga pagsusuri ay hindi inoorasan; maaaring gugulin ng mga estudyante ang sindami ng oras na kailangan nila upang kumpletuhin ang mga pagsusuri. **Hindi maaaring ulitin ng mga estudyante ang pagsusuri sa lengguwahe.**

BAITANG K at 1

Sino ang sinusuri?	Anong mga pagsusuri ang kukunin nila?	Gaano katagal?
Mga estudyanteng gumagamit ng ibang lengguwahe maliban sa Ingles Iyan ay, sinumang estudyanteng maglilista ng ibang lengguwahe maliban sa Ingles sa bahagi na Survey tungkol sa Lengguwaheng Ginagamit sa Bahay (Home Language Survey) sa form ng Aplikasyon sa Pagpapalista.	1. Bago Hulyo ng 2010, ibibigay sa mga estudyante ang English Pre-Language Assessment Scale (Pre-LAS) upang malaman ang kahusayan sa Ingles. 2. Pagkatapos ng Hulyo 1 ng 2010, ibibigay sa mga estudyante ang California English Language Development Test (CELDT) sa EPC kaagad pagkatapos magpalista o sa lugar ng paaralan. 3. Pagsusulit sa target na lengguwahe: SFUSD Chinese Standards Test (CST), Pre-LAS Español at iba pang makukuhang mga pagsusuri sa lengguwahe. Ang mga pagsusulit ay mga pagsusulit sa pakikinig/pagsasalita sa pangunahing lengguwahe. 4. Ang mga estudyanteng nag-aaplay para sa Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Isang Lengguwahe (One-Way Immersion Pathway) (halimbawa, Alice Fong Yu) ay kukuha ng English Pre-LAS Test upang malaman ang kanilang kahusayan sa Ingles. <u>Tandaan:</u> *Ang mga resulta sa pagsusulit sa pakikinig/pagsasalita ay ginagamit para malaman kung anong uri ng suportang pangpagtuturo ang kailangan upang matugunan ang mga pangangailangan ng estudyante hinggil sa lengguwahe.*	30 minuto 135 minuto 30 minuto 30 minuto *Ang oras na kakailanganin ng isang estudyante upang kumpletuhin ang pagsusuri ay depende sa indibidwal na estudyante. Gayunpaman, dapat asahan ng mga magulang na ito ay magtatagal nang mula 30 minuto – 2 oras.*

Mga Pagsusuri sa Lengguwahe

BAITANG 2 HANGGANG 12

Sino ang sinusuri?	Anong mga pagsusuri ang kukunin nila?	Gaano katagal?
Mga estudyanteng gumagamit ng ibang lengguwahe maliban sa Ingles Iyan ay, sinumang estudyanteng maglilista ng ibang lengguwahe maliban sa Ingles sa bahagi na Survey tungkol sa Lengguwaheng Ginagamit sa Bahay (Home Language Survey) sa form ng Aplikasyon sa Pagpapalista. Mga estudyante sa ika-2 hanggang ika-12 baitang na mag-aaplay sa Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe (Dual Language Immersion), Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy), o Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Isang Lengguwahe (One-Way Immersion Pathway) at kasalukuyang hindi sumasali sa isang programa ng SFUSD.[1]	1. Bago Hulyo ng 2010, ibibigay sa mga estudyante ang Language Assessment Scale (LAS) sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat upang malaman ang kanilang kahusayan sa Ingles. 2. Pagkatapos ng Hulyo 1 ng 2010, ibibigay sa mga estudyante ang California English Language Development Test (CELDT) sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat sa EPC kaagad pagkatapos magpalista o sa lugar ng paaralan. 3. Pagsusulit sa target na lengguwahe: SFUSD Chinese Standards Test (CST), LAS Español at iba pang makukuhang mga pagsusuri sa lengguwahe sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat sa katutubong lengguwahe. <u>Tandaan:</u> *Ang mga resulta sa pagsusulit sa pagsusuri sa lengguwahe ay ginagamit para malaman kung anong uri ng suportang pangpagtuturo ang kailangan upang matugunan ang mga pangangailangan ng estudyante hinggil sa lengguwahe.*	30 minuto 135 minuto 30 minuto *Ang oras na kakailanganin ng isang estudyante upang kumpletuhin ang pagsusuri ay depende sa indibidwal na estudyante. Gayunpaman, dapat asahan ng mga magulang na ito ay magtatagal nang mula 1 -3 oras.*

[1] Ang mga estudyante sa ika-2 baitang pataas na nais magpalista sa isang Landas na Pagbubuhos ng Atensyon ay dapat may antas ng kahusayan sa target na lengguwahe na naaangkop sa antas ng baitang na inaaplayan nila. Hindi kailangang kunin ng mga estudyante ng SFUSD na kasalukuyang nakalista sa mga Landas na Pagbubuhos ng Atensyon ang pagsusulit sa target na lengguwahe upang pumunta sa susunod na antas o lumipat sa isa pang programa sa parehong lengguwahe.

Mga Pagsusuri sa Lengguwahe

Saan kukunin ng aking anak ang pagsusulit?	Ano ang mangyayari pagkatapos ng pagsusulit?
Lahat ng mga pagsusuri ay isasagawa ng mga kawani sa Educational Placement Center, Room 100, 555 Franklin Street. Ang mga estudyanteng nag-aaply sa mga paaralan sa SFUSD ay maaaring magsumite ng aplikasyon sa pagpapalista bago ang itinakdang huling araw para sa Round 1 na Enero 8, 2010. Ang mga pagsusuri para sa mga aplikante sa Round 1 na magsusumite ng aplikasyon sa pagpapalista bago ang itinakdang huling araw ay gaganapin mula Nobyembre 9 hanggang Pebrero 6, 2010 bago ang mga pagtatalaga sa Round 1. Sinumang mga estudyanteng mag-aaplay pagkatapos ng Round 1 ay kokontakin para sa pagsusuri bago tumanggap ng pagtatalaga.	Sa oras na makumpleto at mabigyan ng iskor ang pagsusulit, makikipagkita ang mga magulang / tagapangalaga sa tagapayo sa paglalagak na nagbigay ng pagsusulit upang talakayin ang mga resulta, mga pagpipiliang programa, at mga suportang serbisyo. Magkakaroon ang mga magulang ng pagkakataon upang palitan ang kanilang piniling paaralan o programa kung nais nila. Kung maipapasiya na ang mga estudyante ay Nag-aaral ng Ingles, lalagda rin ang mga magulang ng isang dokumento “Mga Layunin para sa Mga Nag-aaral ng Lengguwaheng Ingles” (form ng pahintulot) kung saan nakasaad ang suporta sa programa / lengguwahe na sasang-ayunan nila na dapat tanggapin ng (mga) estudyante.

Upang kumuha ng karagdagang tulong para maunawaan ang mga pagsusuri sa lengguwahe, maaari ninyong tawagan ang EPC at makipag-usap sa isang indibidwal na kawani. Upang kausapin ang aming mga kawani, pakitawagan ang 241-6085. Dadalhin kayo ng numerong ito sa isang indibidwal na kawani sa sumusunod na mga lengguwahe: Ingles, Espanyol, Cantonese, Mandarin, Filipino at Vietnamese. Kabilang sa mga taong kawani ng EPC na nagbibigay ng suportang ito sina:

- Lynn Kwong - 241-6085 ext. 13131 (Ingles/Cantonese/Mandarin)
- Shem Korngold - 241-6085 ext. 13132 (Ingles/Espanyol)
- Raquel Gomez - 241-6085 ext. 13115 (Ingles/Espanyol)
- Didier Tsai - 214-6085 ext. 13120 (Vietnamese)
- Catalina Pajar - 241-6085 (Filipino)

Mga Programa para sa Nag-aaral ng Ingles

Ang Distrito ay nangangako sa paniniyak na makamit ng mga Nag-aaral ng Ingles ang pinakamataas na antas ng kahusayan sa Ingles at sa lengguwaheng ginagamit sa bahay (kung maaari), sa nakakamit sa akademika, at sa mga kasanayan tungo sa tagumpay sa ika-21 siglo. Upang masulit ng Nag-aaral ng Ingles ang access sa de-kalidad na edukasyon, kasalukuyang pinapahusay ng SFUSD ang mga naroroon nang Mga Programa para sa Nag-aaral ng Ingles (English Learner Programs) at nagbibigay ng apat na LANDAS PARA SA NAG-AARAL NG INGLES (ENGLISH LEARNER PATHWAYS): 1) Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe (Dual Language Immersion Pathway); 2) Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy Pathway); 3) Landas tungo sa Ingles at Iba Pa (English Plus Pathway); at 4) Landas para sa Bagong Dating (Newcomer Pathway). Hinihimok namin ang mga magulang at tagapangalaga na alamin ang mas marami pa tungkol sa kung paano nakakatulong ang bawat landas upang magtagumpay sa akademika ang mga Nag-aaral ng Ingles. Ang pagpapatuloy sa isang landas ng lengguwahe ay priyoridad para sa mga transisyonal na estudyanteng naglilista dito bilang kanilang pinipili kapag nag-aaplay sa Round 1.

Pinagsasaluhan ng lahat ng mga landas ang sumusunod na mga prinsipyo o elemento:

• *Iwasan ang Pagbubukod dahil sa Lengguwahe.* Sa pagbuo at pagpapanatili ng mga landas, pagsisikapan ng Distrito na maiwasan ang pagbubukod dahil sa lengguwahe sa pamamagitan ng pagsasama ng mga oportunidad para makihalubilo ang mga Nag-aaral ng Ingles sa mga likas na nakapagsasalita ng Ingles.

• *Di-bababa sa 30 minuto ng Paglinang sa Lengguwaheng Ingles o English Language Development (ELD).* Bibigyan ng Distrito ang lahat ng mga Nag-aaral ng Ingles na hindi pumiling di-sumali sa mga serbisyo ng di-bababa sa 30 minuto ng ELD kada araw hanggang sila ay maitalaga muli bilang Mahusay sa Matatas na Ingles (Fluent English Proficient). Ang haba ng ELD ay mag-iiba at maaaring lumampas sa 30 minuto batay sa antas ng kahusayan ng isang estudyante.

• *Mga Pamamaraan sa Pangunahing Lengguwahe at Sadyang Dinisenyong Pang-akademikang Pagtuturo sa Ingles (Primary Language and Specially Designed Academic Instruction in English -"SDAIE").* Bibigyan ng Distrito ang mga Nag-aaral ng Ingles ng mga leksiyon sa klase na itinuturo sa pangunahing lengguwahe at/o gamit ang mga pamamaraan na SDAIE, na mga estratehiyang dinisenyo upang tulungan ang mga Nag-aaral ng Ingles na maintindihan ang leksiyon.

• *Mga Guro sa Bilingual, Cross-cultural, Language, and Academic Development (BCLAD) o Cross-cultural, Language, and Academic Development (CLAD).* Lahat ng mga klase para sa Nag-aaral ng Ingles ay ituturo ng mga guro na may kahit sertipikasyon para sa CLAD lamang, at lahat ng mga silid-aralan para sa Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe (Dual Immersion) at Landas tungkol sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy Pathway) ay mabibigyan ng mga guro na may sertipikasyon para sa BCLAD.

MGA LANDAS PARA SA NAG-AARAL NG INGLES

1. LANDAS NA PAGBUBUHOS NG ATENSYON SA DALAWANG LENGGUWAHE (Cantonese, Koreano, Mandarin, o Espanyol)

Mga Layunin
Ang Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe (Dual Language Immersion Pathway) ay dinisenyo upang tiyakin na ang mga Nag-aaral ng Ingles at mga likas na nakapagsasalita ng Ingles ay magkaroon ng mga matataas na antas ng kahusayan at literasiya sa Ingles at sa target na lengguwahe, pati na rin katalinuhan sa akademika. Ang landas na ito ay inirerekomenda upang makamit ng mga Nag-aaral ng Ingles ang pinakamataas na antas ng kahusayan sa lengguwaheng Ingles at pambihirang pagganap sa akademika.

Mga Programa para sa Nag-aaral ng Ingles

Populasyon ng Estudyante
Ang programang ito ay dinisenyo para sa apat na uri ng mga estudyante: (1) mga Nag-aaral ng Ingles na ang lengguwaheng ginagamit sa bahay ay Cantonese, Koreano, Mandarin, o Espanyol; (2) mga estudyanteng nakapagsasalita ng dalawang lengguwahe na gumagamit ng Cantonese, Koreano, Mandarin, o Espanyol at Ingles; (3) mga estudyanteng may minanang lengguwahe na nakapagsasalita ng Ingles ngunit ang pamilya ay galing sa mga nagsasalita ng Cantonese, Koreano, Mandarin, o Espanyol; at (4) mga likas na nakapagsasalita ng Ingles na gumagamit lamang ng Ingles.

Pagtuturo
Sa kindergarten, ang pagtuturo ay gagawin 80% - 90% ng oras sa target na lengguwahe. Ang porsiyento ng pagtuturo sa Ingles ay tumataas taon-taon. Pagdating sa ika-limang baitang, 50% ng pagtuturo ay sa Ingles at 50% ng pagtuturo ay sa target na lengguwahe. Sa antas ng sekundarya, sa kalahatan kumukuha ang mga estudyante ng dalawang klaseng pang-akademika sa target na lengguwahe. Ibinibigay ng mga guro sa mga Nag-aaral ng Ingles ang pagtuturo sa Paglinang sa Lengguwaheng Ingles (English Language Development - ELD) araw-araw kung kailan ang mga estudyante ay ginugrupo ayon sa kahusayan.

Gumagamit din ang mga guro ng Sadyang Dinisenyong Pang-akademikang Pagtuturo sa Ingles (Specially Designed Academic Instruction in English – SDAIE), na isang hanay ng mga estratehiya upang masigurado ang access sa buod na kurikulum at padaliin ang paglinang sa pang-akademikang Ingles. Ibinibigay din ang kaparehong suportang pangpagtuturo sa mga estudyanteng nakapagsasalita-ng-Ingles habang natututunan nila ang buod na leksiyon sa isang pangalawang lengguwahe.

Mga Kinakailangan para sa Lengguwahe
Upang makapagbigay ng mabisa at tuloy-tuloy na mga Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe (Dual Language Immersion Pathways) K-12, sisimulan ng Distrito ang mga proseso upang magtalaga ng naaangkop na balanse ng mga estudyanteng Nag-aaral ng Ingles na mahusay sa target na lengguwahe (2/3 hanggang 1/2) at mga estudyanteng matatas sa Ingles (1/3 hanggang 1/2) kada antas ng baitang at silid-aralan. Bago ang pagpapalista ng estudyante sa Distrito, kukumpletuhin ng mga magulang/tagapangalaga ng estudyante ang Survey ng SFUSD tungkol sa Lengguwaheng Ginagamit sa Bahay (HLS) sa aplikasyon sa pagpapalista. Kung isinasaad ng Survey na may ibang lengguwahe maliban sa Ingles ang ginagamit sa bahay, susuriin ang estudyante upang malaman ang kanyang kahusayan sa Ingles. Susuriin din ng Distrito ang estudyante para sa kahusayan sa pangunahing lengguwahe kapag may magagamit na naaangkop na pagsusuri. Mas marami pang impormasyon tungkol sa mga pagsusuri sa lengguwahe ang nasa pahina 6 ng gabay na ito.

2. LANDAS TUNGO SA KAKAYAHAN SA PAGBABASA AT PAGSUSULAT SA DALAWANG LENGGUWAHE (Cantonese, Filipino, o Espanyol)

Mga Layunin
Ang Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy Pathway) ay dinisenyo upang tiyakin na ang mga Nag-aaral ng Ingles ay magkaroon ng mga matataas na antas ng kahusayan at literasiya sa Ingles at sa lengguwaheng ginagamit sa bahay, pati na rin katalinuhan sa akademika. Kapag walang maaaring paglalagak sa Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe (Dual Language Immersion Pathway), ibinibigay ng Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy Pathway) ang pinakamabisang programang pang-akademika para sa mga Nag-aaral ng Ingles.

Populasyon ng Estudyante
Ang programang ito ay dinisenyo para sa mga Nag-aaral ng Ingles na likas na nakapagsasalita ng Cantonese, Filipino, o Espanyol.

Mga Programa para sa Nag-aaral ng Ingles

Pagtuturo

Sa kindergarten at ika-1 baitang, ang target na lengguwahe ay ginagamit para sa 80% ng pagtuturo. Ang pagtuturo sa Ingles ay tumataas bawat taon. Pagdating sa ika-5 baitang, ang pagtuturo ay 50% sa Ingles at 50% sa lengguwaheng ginagamit sa bahay. Para sa Cantonese/Mandarin, mga lengguwaheng di-gumagamit ng alpabeto, ang porsiyento ng pagtuturo ay maaaring maiba sa modelong ito dahil ang literasiya ay itinuturo sa kapwa Chinese at Ingles. Sa antas ng sekundarya, ipagpapatuloy ng mga Nag-aaral ng Ingles na pag-aralan ang target na lengguwahe nang di-bababa sa 2 oras ng klase sa isang araw bilang karagdagan sa isang oras ng klase sa Paglinang sa Lengguwaheng Ingles (English Language Development) (inantas ayon sa kahusayan). Lahat ng mga kursong pang-akademika na hindi itinuturo sa lengguwaheng ginagamit sa bahay ay itinuturo sa pamamagitan ng mga partikular na estratehiyang dinisenyo upang masiguro ang access sa buod na kurikulum at padaliin ang pagpapakadalubhasa sa pang-akademikang Ingles. Ang mga Nag-aaral ng Ingles na nagsisimulang mag-aral sa mga primaryang baitang sa pamamagitan ng Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy Pathway) ay karaniwang nakakakamit ng kahusayan sa Ingles pagdating ng katapusan ng elementarya at muling-naitatalaga sa estadong Mahusay sa Matatas na Ingles (Fluent English Proficient). Gayunpaman, dahil layunin ng Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy Pathway) na magkaroon ng mga estudyanteng may mataas na antas ng kahusayan sa pagsasalita sa dalawang lengguwahe (bilingual)/pagsasalita at pagsusulat sa dalawang lengguwahe (biliterate) na mayroong parang-likas na kahusayan sa parehong mga lengguwahe, lahat ng mga estudyante ay masidhing hinihimok na manatili sa landas na ito hanggang sa ika-12 baitang.

3. LANDAS TUNGKOL SA INGLES AT IBA PA

Mga Layunin
Ang Landas tungo sa Ingles at Iba Pa (English Plus Pathway) ay dinisenyo upang tiyakin na magkaroon ang mga Nag-aaral ng Ingles ng kahusayan sa lengguwaheng Ingles at katalinuhan sa akademika.

Populasyon ng Estudyante
Ang Landas tungo sa Ingles at Iba Pa (English Plus Pathway), ay dinisenyo para sa (1) mga Nag-aaral ng Ingles mula sa mga lengguwaheng kaunti lamang ang gumagamit kung saan hindi praktikal na ialok ng Distrito ang alinman sa Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe (Dual Language Immersion) o Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy Pathway); at (2) mga Nag-aaral ng Ingles na ang mga magulang ay nagnanais na sumali ang kanilang mga anak sa isang masidhing programang pagtuturo ng Ingles.

Pagtuturo
Gumagamit din ang mga guro sa Landas tungo sa Ingles at Iba Pa (English Plus Pathway) ng mga pamamaraan na SDAIE, na mga estratehiyang dinisenyo upang tulungan ang mga Nag-aaral ng Ingles na maintindihan ang mga leksiyon at bigyan ang mga estudyante ng suporta sa lengguwaheng ginagamit nila sa bahay kapag mayroon. Tumatanggap ang mga estudyante ng di-bababa sa 30 minuto kada araw na pagtuturo sa Paglinang sa Lengguwaheng Ingles (ELD) at inilalagak sa mga programa sa ELD batay sa kanilang antas ng kahusayan sa lengguwahe. Ibinibigay ng Landas tungo sa Ingles at Iba Pa (English Plus Pathway) ang mga pinakamahalagang serbisyong ginagarantiyahan ng SFUSD para sa mga Nag-aaral ng Ingles ayon sa hinihingi ng batas ng California. Gayunpaman, hinihimok ng SFUSD ang mga magulang na alamin ang tungkol sa aming mga Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe (Dual Language Immersion) at Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy Pathway) na naipakita nang nagbibigay sa mga estudyante ng matitibay na oportunidad sa akademika at sa pag-aaral ng lengguwahe.

Mga Programa para sa Nag-aaral ng Ingles

4. LANDAS PARA SA BAGONG DATING

Mga Layunin
Ang Landas para sa Bagong Dating (Newcomer Pathway), ay dinisenyo upang tulungan ang kamakailan lang dumating na mga imigranteng estudyanteng Nag-aaral ng Ingles na masanay sa kanilang bagong lengguwahe at kultura sa isang programang nagtatagal nang isang taon (na may posibilidad ng ikalawang taon kung kinakailangan).

Populasyon ng Estudyante
Sinisilbihan ng Landas para sa Bagong Dating (Newcomer Pathway) ang kamakailan lang dumating na mga imigranteng estudyanteng Nag-aaral ng Ingles na nangangailangan ng panahon para masanay at matuto tungkol sa bagong kapaligiran bago pumasok sa isa sa mga pangunahing Landas para sa Nag-aaral ng Ingles (English Learner Pathways).

Pagtuturo
Ang kurikulum ay kinabibilangan ng suporta sa transisyon at pagtuturo sa pangunahing lengguwahe (kapag maaari) sa mga larangan ng akademika at sa antas ng baitang. Tinutugunan din ng programa ang mga agwat sa akademika dahil sa mga pagkakaiba sa mga pambansang sistema ng pag-aaral o mga agwat sa naunang pag-aaral. Tumatanggap ang mga estudyante ng masidhing Paglinang sa Lengguwaheng Ingles (English Language Development) na binubuo ng di-bababa sa dalawang oras ng klase sa Ingles na itinuturo sa naaangkop na antas ng kahusayang panglingguwistika. Lahat ng mga di-ELD na klaseng pang-akademika ay itinuturo sa pamamagitan ng alinman sa pangunahing lengguwahe o sa Ingles gamit ang pamamaraan na SDAIE.

Habang umaalis ang mga estudyante sa Landas para sa Bagong Dating (Newcomer Pathway), lumilipat sila sa Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe (Dual Language Immersion Pathway) o Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy), o Landas tungo sa Ingles at Iba Pa (English Plus Pathway).

Mga Programa sa Edukasyon sa Maramihang Lengguwahe

Kapag walang mga Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe (Dual Language Immersion Pathway) o Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy Pathway), inirerekomenda ng Distrito ang Mga Programa sa Edukasyon sa Maramihang Lengguwahe (Multilingual Education Programs) na tutulong sa mga Nag-aaral ng Ingles na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral sa kanilang lengguwaheng ginagamit sa bahay o sa iba pang lengguwahe.

1. LANDAS NA PAGBUBUHOS NG ATENSYON SA ISANG LENGGUWAHE

Mga Layunin
Ang Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Isang Lengguwahe (One-Way Immersion Pathway) ay dinisenyo upang tiyakin na magkaroon ang mga mahusay na nakapagsasalita ng Ingles ng matataas na antas ng kahusayan at literasiya sa Ingles at sa target na lengguwahe, pati na katalinuhan sa akademika.

Populasyon ng Estudyante
Ang programa ay dinisenyo para sa mga mahusay na nakapagsasalita ng Ingles.

Pagtuturo
Sa kindergarten, ang pagtuturo ay gagawin 80-90% ng oras sa target na lengguwahe upang ipakita ang pagkakaayon sa modelong 80:20. Ang porsiyento ng pagtuturo sa Ingles ay tumataas taon-taon. Pagdating sa ika-apat na baitang, 50% ng pagtuturo ay sa Ingles at 50% ng pagtuturo ay sa target na lengguwahe.

Mga Kinakailangan para sa Lengguwahe
Lahat ng mga bata na ang mga katutubong lengguwahe ay hindi Ingles na nag-aaplay sa Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Isang Lengguwahe (One-Way Immersion Pathway) para sa kindergarten o ika-1 baitang, ay dapat masuri para sa kahusayan sa Ingles. Ang mga aplikante sa ika-2 baitang pataas ay dapat masuri para sa kahusayan sa kapwa target na lengguwahe at Ingles. Ang mga pagsusulit sa lengguwahe ay dapat munang kumpletuhin bago maproseso ang aplikasyon. Gayunpaman, ang priyoridad para sa kapatid ay pinananatili para sa papasok na kindergartners anuman ang kanilang kahusayan sa Ingles.

2. LANDAS PARA SA BANYAGANG LENGGUWAHE SA PAARALANG ELEMENTARYA (FOREIGN LANGUAGE IN THE ELEMENTARY SCHOOL - FLES) (Italyano, Hapones, Espanyol o Russian)

Mga Layunin
Ang mga estudyante sa Landas ng FLES ay nagkakaroon ng kahusayan sa isang pangalawang lengguwahe bilang karagdagan sa pagiging ganap na mahusay sa Ingles. Ang pakikilahok sa Landas ng FLES ay nagreresulta sa kahusayan sa pangalawang lengguwahe na naaangkop sa kultura at nagagamit sa tunay na buhay.

Populasyon ng Estudyante
Ang programang ito ay dinisenyo para sa lahat ng mga estudyante kabilang ang mga Nag-aaral ng Ingles sa mga kaso kung saan walang magagamit na Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe (Dual Immersion) o Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy Pathway) sa kanilang lengguwaheng ginagamit sa bahay. Ito ay nagbibigay din ng tsansa sa mga likas na nakapagsasalita ng Ingles na matuto ng pangalawang lengguwahe. Ang paikot na uri ng kurikulum ay nagbibigay-daan sa mga estudyante na pumasok sa Landas ng FLES sa alinmang baitang, sa gayon ay nagbibigay ng maraming mga paraan para sa mga estudyanteng nais maging mahusay sa isang pangalawa o pangatlong lengguwahe.

Pagtuturo
Ang pagtuturo sa target na lengguwahe ay maaaring mag-iba mula 30 hanggang 60 minuto kada araw, tatlo hanggang limang araw-kada-linggo at ginagawa ng isang gurong mahusay sa lengguwahe o isang nakalaang tagapagturo na mahusay sa lengguwahe. Ang kurikulum ay batay-sa-mga-pamantayan at pinapagtibay ang mga konseptong itinuturo sa matematika, agham, at/o araling panlipunan. Pinagsasama ng kurikulum ang target na lengguwahe at mga kultura nito upang itaguyod ang makabuluhang komunikasyon. Ibinibigay ang karagdagang suportang pangpagtuturo sa mga estudyanteng pumapasok sa mga Landas ng FLES sa mga nasa mas mataas na baitang sa elementarya.

3. MGA PROGRAMA SA SEKUNDARYANG LENGGUWAHENG PANDAIGDIG (SECONDARY WORLD LANGUAGE PROGRAMS) (Intsik, Pranses, Aleman, Hebreo, Italyano, Hapones, Koreano, Latin, Russian, at Espanyol)

Mga Layunin
Ang mga estudyante sa isang programa sa sekundaryang lengguwaheng pandaigdig ay nagkakaroon ng kasanayang pang-akademika, pangliterasiya, at panlipunan sa isang pangalawang lengguwahe. Natututo ang mga estudyante na makipagsagutan sa mga pag-uusap, ipakahulugan ang mga teksto, at maghayag ng impormasyon sa target na lengguweahe. Maaaring kunin ng mga estudyante ang kurso sa Advanced Placement na aprobado ng Lupon ng Kolehiyo para sa mga lengguwahe kung saan iniaalok ang mga ito: Intsik, Pranses, Aleman, Hapones, at Espanyol.

Populasyon ng Estudyante
Ang programang ito ay dinisenyo para sa lahat ng mga estudyante: mga Nag-aaral ng Ingles at mga likas na nakapagsasalita ng Ingles.

Pagtuturo
Ang pagtuturo ay ginagawa sa target na lengguwahe gamit ang mga paraang biswal, mga kagamitan, at mga bagay upang padaliin ang pag-intindi. Ang kurikulum ay batay-sa-mga-pamantayan at naka-ugnay sa iba pang disiplina sa pamamagitan ng pagpapatibay sa mga konseptong itinuturo sa matematika, agham, at/o araling panlipunan. Isinasama rin ng kurikulum ang target na lengguwahe at mga kultura nito upang itaguyod ang makabuluhang komunikasyon.

Listahan ng Programa para sa Nag-aaral ng Ingles

Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe (Dual Language Immersion Pathway)

Cantonese

- Chinese Immersion School at De Avila……..K to 2[2]
- West Portal Elementary School..... K to 5
- Herbert Hoover Middle School.....6 to 8
- Marina Middle School..... 6 to 8
- Galileo High School.....9 to12

Koreano

- Claire Lilienthal Elementary School…….....K to 7

Mandarin

- Starr King Elementary School……..... K to 4[2]
- Jose Ortega Elementary School……..... K to 3[2]

Espanyol

- Alvarado Elementary School……..... K to 5
- Buena Vista Elementary School……..... K to 5
- Daniel Webster Elementary School……..... K to 2[2]
- Fairmount Elementary School……..... K to 5
- Leonard R. Flynn Elementary School…….....K to 5
- Marshall Elementary School…….....K to 5
- Monroe Elementary School……..... K to 5
- Paul Revere Elementary School…….....K to 6[3]
- Everett Middle School……..... 6[3]
- Herbert Hoover Middle School…….....6 to 8
- James Lick Middle School…….....6 to 8

Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy Pathway)

Cantonese

- E.R. Taylor Elementary School……..... K to 3
- Frank McCoppin Elementary School……..... K to 5
- Garfield Elementary School.....K to 3
- George Moscone Elementary School…….....K to 3
- Gordon J. Lau Elementary School..... K to 5
- Hillcrest Elementary School……..... K to 1[2]
- Jean Parker Elementary School..... K to 3
- John Yehall Chin Elementary School.....K to 3
- Jose Ortega Elementary School……..... K to 3
- Monroe Elementary School..... K to 5
- Spring Valley Elementary School.....K to 3
- Sutro Elementary School..... K to 5
- Ulloa Elementary School……..... K to 3
- Visitacion Valley Elementary School…….....K to 5
- Francisco Middle School……..... 6 to 8
- Galileo High School…….....9 to 12
- Lincoln High School…….....9 to 12

[2] Bawat taon maidaragdag ang isa pang antas ng baitang hanggang ika-5 baitang.

[3] Bawat taon maidaragdag ang isa pang antas ng baitang hanggang ika-8 baitang.

Listahan ng Programa para sa Nag-aaral ng Ingles

Filipino
• Bessie Carmichael..... K to 5

Espanyol
• Bessie Carmichael/FEC……..... K to 3
• Bret Harte Elementary School……..... K to 3
• Bryant Elementary School……..... K to 3
• Cesar Chavez Elementary School……..... K to 5

• Cleveland Elementary School……..... K to 5
• Daniel Webster Elementary School……..... 3 to 5
• E.R. Taylor Elementary School……..... K to 5
• George Moscone Elementary School……..... K to 3
• Glen Park Elementary School……..... K to 3
• Guadalupe Elementary School……..... K to 2
• Gordon J. Lau Elementary School……..... K to 5
• Hillcrest Elementary School……..... K to 5
• John Muir Elementary School……..... K to 5
• Junipero Serra Elementary School……..... K to 3
• Longfellow Elementary School……..... K to 4
• Sanchez Elementary School……..... K to 5
• Spring Valley Elementary School……..... K to 3
• Starr King Elementary School……..... 1 to 5
• Horace Mann Middle School……..... 6 to 8

Landas tungo sa Ingles at Iba Pa (English Plus Pathway)
• Magagamit sa lahat ng mga lugar ng paaralan

Landas para sa Bagong Dating (Newcomer Pathway)
• Bessie Carmichael/FEC (Filipino)……..... 3 to 8
• Chinese Education Center (Cantonese and Mandarin)……..... K to 5
• Mission Education Center (Espanyol)……..... K to 5
• Everett Middle School (Espanyol)……..... 6 to 8
• Francisco Middle School (Cantonese)……..... 6 to 8
• Visitacion Valley Middle School (Lahat ng Mga Lengguwahe)……..... 6 to 8
• Newcomer High School (Lahat ng Mga Lengguwahe)……..... 9 to 11
• SF International High School[4] (Lahat ng Mga Lengguwahe)……..... 9 to 10

[4] Ang SF International High School ay espesyal na dinisenyo para sa mga imigranteng Nag-aaral ng Ingles na dumating sa U.S. sa nakaraang 4 na taon. Maaaring ipagpatuloy ng mga Nag-aaral ng Ingles ang kanilang pag-aaral sa hayskul sa International High School at magtapos nang may diploma sa hayskul.

Listahan ng Programa sa Edukasyon sa Maramihang Lengguwahe

Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Isang Lengguwahe (One-Way Immersion Pathway)
Cantonese
• Alice Fong Yu…….…….…….....K to 8

Landas para sa Banyagang Lengguwahe sa Paaralang Elementarya (Foreign Language in Elementary School - FLES)
• Argonne Elementary School (Russian)…….....K to 3^2
• Clarendon Elementary School (Italyano & Hapones)……..... K to 5
• Flynn Elementary School (Espanyol)……. ……..... K to 1
• McKinley Elementary School (Espanyol)…… ……..…..... K to 5
• Rosa Parks Elementary School (Hapones)……...…..... K to 5

Mga Programa sa Sekundaryang Lengguwaheng Pandaigdig (Secondary World Language Programs)
Middle Schools
• Brown, Willie (Espanyol)
• Hoover, Herbert (Hapones)
• International Studies Academy (Intsik, Pranses at Espanyol)
• King, Martin Luther Jr. (Pranses)
• Presidio (Hapones)
• Alice Fong Yu (Mandarin)

Mga Hayskul
• Academy of Arts and Sciences (Espanyol at Italyano)
• Balboa (Intsik, Pranses at Espanyol)
• Burton (Intsik at Espanyol)
• Galileo (Intsik, Pranses, Italyano at Espanyol)
• International Studies Academy (Intsik, Pranses at Espanyol)
• June Jordan (Espanyol)
• Lincoln (Intsik, Pranses, Hapones at Espanyol)
• Lowell (Intsik, Pranses, Aleman, Hebreo, Italyano, Hapones, Koreano, Latin at Espanyol)
• Marshall (Intsik, Pranses at Espanyol)
• Mission (Espanyol at Intsik)
• O'Connell (French at Espanyol)
• School of the Arts (Intsik, Pranses, Russian at Espanyol)
• Wallenberg (Intsik at Espanyol)
• Washington (Intsik, Pranses, Hapones at Espanyol)
• Wells (Espanyol)

* Ang Intsik sa mga paaralang sekundarya ay Mandarin maliban kung iba ang tinukoy.

LIBRE na Mga Serbisyo sa Pagsasalin at Interpretasyon

Bilang magulang/tagapangalaga, maaari kayong humingi ng libreng pang-indibidwal na mga serbisyo sa pagsasalin o interpretasyon sa lugar ng inyong paaralan at/o sa departamento ng Distrito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga form para sa Paghingi ng Tulong sa Pangunahing Lengguwahe (Primary Language Assistance Request). Ang mga form ay maaaring kumpletuhin sa inyong lengguwaheng ginagamit sa bahay at isumite ito sa pangunahing opisina ng inyong paaralan, ang Central Office ng SFUSD (555 Franklin Street, first floor lobby) o Student Support Services (555 Portola Drive, Bungalow #1).

Kung mayroon kayong reklamo tungkol sa mga serbisyo sa pagsasalin/interpretasyon, maaari ninyong kumpletuhin ang form ng reklamo sa inyong lengguwaheng ginagamit sa bahay at isumite ito sa pangunahing opisina ng inyong paaralan, ang Central Office ng SFUSD (555 Franklin Street, first floor lobby) o Student Support Services (555 Portola Drive, Bungalow #1).

Lahat ng mga form na ito ay makukuha sa mga lugar ng paaralan, sa Central Office ng SFUSD, o sa Student Support Services at sa pahinang "Parent" ng www.sfusd.edu. Para sa karagdagang impormasyon o tulong, maaari kayong mag-iwan ng mensahe sa pagtawag sa **415-522-7343**.

Ang mga kwalipikadong tagabigay ng interpretasyon na hindi-taga distrito (kabilang ang mga estudyante at iba pang mga bata) ay hindi maaaring gamitin para sa interpretasyon, maliban sa mga emerhensiyang sitwasyon.

Mga Pagkakataon upang Makasali ang Magulang

Inaanyayahan ang lahat ng mga pamilya ng mga Nag-aaral ng Ingles na makilahok sa sumusunod na mga pagkakataong makasali ang magulang sa mga gawain sa kanilang lugar ng paaralan:

• ***Komiteng Tagapayo sa Nag-aaral ng Ingles (ELAC)***: bawat paaralan na may 21 o higit pang mga Nag-aaral ng Ingles ay dapat mayroong ELAC. Ang papel ng ELAC ay upang payuhan ang prinsipal at Konseho ng Lugar ng Paaralan tungkol sa mga programa at serbisyo para sa mga Nag-aaral ng Ingles.

• ***Komite ng Distrito na Tagapayo sa Nag-aaral ng Ingles (DELAC)***: bawat ELAC ay inaanyayahang magpadala ng kinatawan sa DELAC. Nagbibigay ang DELAC ng mga rekomendasyon sa Distrito tungkol sa mga paraan upang mapabuti ang mga programa at serbisyo para sa mga Nag-aaral ng Ingles.

• ***Konseho ng Lugar ng Paaralan (SSC)***: ang papel ng SSC ay ang gabayan ang proseso ng pagpaplano para sa lugar upang tiyakin na ang mga pangangailangan ng lahat ng mga estudyante ay natutugunan sa plano para sa lugar ng paaralan.

• ***Komiteng Tagapayo sa Paaralan (SAC)***: ang mga paaralan na tumatanggap mula sa pamahalaang pederal o estado ng pondo para sa mga estudyanteng galing sa mga pamilyang mababa ang kita ay dapat mayroong SAC. Ang SAC ang nagbibigay ng payo sa prinsipal at Konseho ng Lugar ng Paaralan kung paano tugunan ang mga pangangailangan ng mga estudyanteng ito sa plano para sa lugar.

Makipag-ugnayan sa prinsipal ng inyong paaralan o tumawag sa SFUSD Family and Community Engagement Department: Lucia Perez Barrow – 379-7640 (Ingles/Espanyol) at Belinda Law – 379-7643 (Ingles/Intsik).

Mga Malimit na Katanungan (FAQ)

T: Paano ako mag-aaplay upang makapasok sa paaralan ang aking anak?
S: Ang mga aplikasyon sa pagpapalista ay makukuha sa lahat ng mga lugar ng paaralan, mga sentro para sa paglaki ng bata, at sa Sentro ng Paglalagak Pang-edukasyon (Educational Placement Center - EPC) sa Nobyembre 9, 2009. Dahil tayo ay isang distritong may kumpletong pagpipilian (total choice district), maaaring maglista ang mga pamilya ng hanggang 7 pagpipiliang paaralan o mga programa, at magkakaroon sila ng pinakamabuting pagkakataon upang makatanggap ng pagtatalaga sa isa sa kanilang mga pinagpipiliang paaralan kung magsusumite sila ng aplikasyon bago Enero 8, 2010. Ang mga nakababatang kapatid ay maaaring magsumite ng mga aplikasyon at hinihinging dokumento sa paaralan ng nakatatandang kapatid. Ang mga bagong estudyante ay dapat magsumite ng aplikasyon sa pagpapalista kasama ang lahat ng mga hinihinging dokumento sa Educational Placement Center (555 Franklin Street, Room 100). Para sa mas kumpletong impormasyon tungkol sa proseso ng pagpapalista, mga paaralan at mga programa, tingnan ang Gabay sa Pagpapalista sa SFUSD o ang website ng Distrito sa www.sfusd.edu.

T: Ano pa ang kinakailangang kumpletuhin bago malaman ang itinalagang paaralan?
S: Kung kayo o ang inyong anak ay gumagamit ng ibang lengguwahe maliban sa Ingles, kakailanganing kunin ng inyong anak ang pagsusulit sa kahusayan sa lengguwahe sa Ingles at posible pati sa kanilang pangunahing lengguwahe. Maaari ninyong itakda ang appointment para sa inyong anak kapag isinusumite ninyo ang inyong aplikasyon sa EPC o sa pagtawag sa 241-6085. Ang pagpapayo tungkol sa mga mapagpipiliang programa at mga serbisyo ay susunod sa pagsusuri sa inyong anak upang makapili kayo ng mga naaangkop na programa. Ang pagsusuri at pagpapayo ay dapat isagawa bago malaman ang itinalagang paaralan. Ang mga pagsusuri ay maaari ring kailanganin para sa mga estudyanteng humihingi ng paglalagak sa mga Landas na Pagbubuhos ng Atensyon sa Dalawang Lengguwahe (Dual Language Immersion) o Landas tungo sa Kakayahan sa Pagbabasa at Pagsusulat sa Dalawang Lengguwahe (Biliteracy Pathway).

T: Mayroon bang bentahe ang pag-aaplay nang maaga?
S: Wala, ngunit mayroong bentahe ang pag-aaplay sa takdang oras. Lahat ng mga aplikasyong isinumite hanggang Enero 8, 2010 ay ituturing na mga aplikasyong isinumite sa takdang oras at tatratuhin nang pare-pareho. Ang mga aplikasyon sa takdang oras ay may mas mataas na tsansang makatanggap ng alok sa isang paaralan na kanilang pinili.

T: Ilang mga paaralan ang dapat kong ilista sa aplikasyon sa pagpapalista at sa anong pagkakasunod-sunod?
S: Dapat isulat ng mga magulang/tagapangalaga ang pinamakaraming bilang ng mga pagpipiliang paaralan (hanggang pito) na sa palagay nila ay nababagay sa mga pangangailangang pang-edukasyon ng kanilang anak. Dapat ilista ng mga magulang/tagapangalaga ang kanilang mga pagpipilian sa pagkakasunod-sunod na ayon sa gusto nila, una (1) ang unang pinipili, at ikapito (7) ang pang-pitong pinipili. Mas mataas ang tsansa ng mga pamilya na maitalaga sa hiningi nilang paaralan kung maglilista sila ng maraming pagpipiliang paaralan sa kanilang aplikasyon sa pagpapalista. Kung walang bakante sa mga paaralang inilista sa aplikasyon, itatalaga ang mga estudyante sa isang paaralang pinili ng SFUSD. Walang disbentahe ang paglilista ng 7 paaralan. Ang mga magulang na hindi maglilista nang hanggang 7 pagpipilian ay maaaring maitalaga sa isang paaralang hindi nila pinili.

T: Kung mayroon akong anak na pumapasok na sa isa sa mga paaralang aking hinihiling, mabibigyan ba ako ng pribilehiyo upang maitalaga sa paaralang iyon?
S: Ang mga nakababatang kapatid ay bibigyan ng priyoridad sa isang paaralan kung saan kasalukuyang pumapasok ang kanyang nakatatandang kapatid at patuloy na papasok sa pasukang taon na 2010-11, kung isusumite ng kanilang magulang/tagapangalaga ang aplikasyon sa pagpapalista hanggang Enero 8, 2010 at ililista ang paaralan ng kanilang nakatatandang anak bilang unang pinipili. Ang mga nakatatandang kapatid ay hindi binibigyan ng priyoridad na mailagak sa mga paaralan ng kanilang nakababatang kapatid.

Mga Malimit na Katanungan (FAQ)

T: Magagarantiyahan ba ang paglalagak sa aking anak sa paaralang pinakamalapit sa aking tahanan?
S: Hindi. Kung mayroong sapat na bakante sa isang paaralan upang magkasya ang lahat ng mga estudyanteng nais pumasok, lahat ng mga aplikante ay tatanggap ng alok na pagtatalaga. Kung walang sapat na bakante sa isang paaralan upang magkasya ang lahat ng mga estudyanteng nais pumasok, walang garantiya na ang isang estudyanteng nakatira sa lugar na sineserbisyuhan ng paaralan ay tatanggap ng alok na pagtatalaga. Para sa mga paaralang may tiyak na lugar na sineserbisyuhan, ang mga aplikanteng nakatira sa lugar na sineserbisyuhan ay itatalaga bago ang mga estudyante mula sa ibang lugar hangga't mayroong bakante, at ang mga estudyante mula sa lugar na sineserbisyuhan ay makapag-aambag sa pagkakaiba-iba ayon sa ipinapakahulugan ng diversity index lottery. Ang mga aplikasyon ng mga estudyante mula sa mga lugar na nasa labas ng lugar na sineserbisyuhan ng paaralan ay isasaalang-alang lamang kapag ang mga aplikante sa lugar na sineserbisyuhan ay hindi na nakapag-aambag sa pagkakaiba-iba. Walang bentahe pagdating sa lugar na sineserbisyuhan para sa mga pagtatalaga sa mga alternatibong paaralan. Ang kinaroroonan ng tirahan ng isang aplikante ay hindi makakaapekto sa kanyang mga tsansang makatanggap ng alok na pagtatalaga sa isang alternatibong paaralan.

T: Ang aking anak ay isang estundyante sa ika-limang baitang sa isang K-8 na paaralan. Kailangan ko bang isumite ang aplikasyon sa pagpapalista kung gusto niyang manatili doon para sa middle school?
S: Hindi. Ang mga estudyante sa ika-limang baitang sa mga K-8 na paaralan na hindi humihingi ng paglipat ay hindi kailangang magsumite ng aplikasyon sa pagpapalista.

T: Paano ako mag-aaplay kung gusto ng aking anak na pumasok sa School of the Arts (SOTA) o Lowell High School?
S: Ang Lowell at SOTA ay may mga karagdagang hinihingi para sa aplikasyon at mga itinakdang huling araw ng pagsusumite. Ang mga estudyanteng nag-aaplay sa Lowell High School at/o SOTA ay hinihimok ding mag-aplay sa iba pang mga hayskul sa SFUSD.

• Lowell: Dapat isumite sa EPC ng mga aplikante sa ika-9 na baitang sa Lowell ang aplikasyon sa Lowell High School at form ng aplikasyon sa kalahatang SFUSD pagdating ng Disyembre 11, 2009, at kunin ang CST/STAR sa ika-7 baitang o ang pagsusulit sa pagpasok sa Lowell sa Enero 2010. Ang Patakaran ng Lowell sa Pagtanggap ng Estudyante (Admissions Policy) ay makukuha sa EPC o sa website ng Distrito sa www.sfusd.edu.

• School of the Arts: Dapat isumite sa EPC ng mga aplikante sa SOTA ang kanilang aplikasyon at ang aplikasyon sa pagpapalista sa kalahatang SFUSD, at makipag-ugnayan sa SOTA sa (415) 695-5700 upang magtakda ng awdisyon na isasagawa sa Enero o Marso. Dapat isumite ng mga aplikante sa SOTA ang kanilang kalahatang aplikasyon sa pagpapalista hanggang Enero 8, 2010 upang makilahok sa Round One.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyari lamang na sumangguni sa pahina 29 ng Gabay sa Pagpapalista o sa partikular na mga form ng aplikasyon at mga panuto para dito sa dalawang paaralan na makukuha sa EPC o sa www.sfusd.edu.

T: Ano ang dapat kong gawin kung interesado akong pumasok ang aking anak sa isang charter school?
S: Ang mga pamilya at estudyante na interesadong mag-aplay sa mga charter school ay dapat makipag-ugnayan mismo sa (mga) charter school para sa impormasyon hinggil sa kanilang mga proseso ng aplikasyon. Ang mga aplikasyon sa charter school ay inaasikaso sa pamamagitan ng ibang proseso maliban sa kalahatang proseso ng pagpapalista para sa iba pang mga paaralan sa Distrito. Maaaring mag-aplay ang mga estudyante sa mga charter school at mga paaralan sa SFUSD ngunit hindi dapat ilista ang mga charter school sa kanilang pinipiling mga paaralan kapag kinukumpleto ang aplikasyon sa pagpapalista sa SFUSD.

T: Ano ang mangyayari kung hindi maitalaga ang aking anak sa alinman sa mga paaralan na aking inilista sa aplikasyon sa pagpapalista?
S: Itatalaga ang inyong anak sa isang paaralang hindi hiniling, na may pagsasaalang-alang sa lugar ng inyong tirahan, sa inyong mga kagustuhan pagdating sa programa sa lengguwahe, o sa anumang natatanging pangangailangan ng inyong anak. Kung nag-aplay kayo sa takdang-oras at hindi kayo nasisiyahan sa itinalaga sa inyo na paaralan, mayroon kayong ilang mga pagpipilian na inilarawan sa ibaba.

Mga Malimit na Katanungan (FAQ)

T: Ano ang aking gagawin kung hindi ako nasisiyahan sa itinalaga sa akin na paaralan? Maaari ba akong umapela para sa ibang paaralan? Maaari ba akong mailagay sa isang listahan ng mga naghihintay ng paaralan?
S: Kung nag-aplay kayo sa takdang-oras at hindi kayo nasisiyahan sa itinalaga sa inyo na paaralan, maaari kayong:

• *Dumalo ng sesyon sa pagpapayo na pagbibigay ng impormasyon*. Gaganapin kaagad ang mga sesyon sa pagpapayo na pagbibigay ng impormasyon sa buong Lungsod pagkatapos ng Round One. Ang mga petsa at lugar nitong mga sesyon sa pagpapayo na pagbibigay ng impormasyon ay nasa pahina 38 ng Gabay sa Pagpapalista. Sa mga sesyon sa pagpapayo na pagbibigay ng impormasyon, malalaman ng mga pamilya ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga paaaralan na mayroon pang bakante at tutulungan sila ng mga kawani na pumili ng mga bagong paaralan mula sa listahan ng mga paaralan na mayroon pang bakante.

• *Humingi ng pagtatalaga sa isang paaralan na may mga bakante.* Kung pipiliin ninyo ang mga paaralan na may mga bakante, isasama ang inyong mga kahilingan bilang bahagi ng grupong binibigyang priyoridad sa Round Two.

• *Ang mga kahilingan ay ilalagay sa isang listahan ng mga naghihintay ng isang paaralan.* Bawat estudyante ay mailalagak sa isa lamang na listahan ng mga naghihintay.

• *Magsumite ng isang apela.* Pag-aaralan ng isang Komite sa Apela para sa Paghihirap ng Pamilya (Family Hardship Appeal Committee) at isang Lupon para sa Mga Apelang Medikal (Medical Appeals Panel) ang mga apela mula sa mga aplikanteng hihingi ng alternatibong pagtatalaga batay sa mga dokumentadong kondisyon na nakakatugon sa mga patnubay ng SFUSD. Kung pagbibigyan ang inyong apela, gagawa ang EPC ng naaangkop na pagtatalaga ng paaralan. Mas marami pang impormasyon tungkol sa mga patnubay para sa mga apela ang nasa pahina 40 ng Gabay sa Pagpapalista.

Tingnan ang pahina 38 ng Gabay sa Pagpapalista para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga opsyon para sa mga Kalahok sa Round 1.

T: Paano kung makaligtaan kong magsumite para sa mga pagtatalaga sa Round 1 at magpapalista ako pagkatapos ng Enero 8, 2010? (huling araw para sa Round 1)?
S: Maaari pa rin ninyong isumite ang aplikasyon para sa pagpapalista at tumanggap ng pagtatalaga sa isang paaralan. Dalhin ang lahat na hinihinging mga dokumento sa Sentro ng Paglalagak Pang-edukasyon (Educational Placement Center).

Tatandaang Impormasyon

Tatandaang Impormasyon

Kinakatawan ng mga nag-aaral ng Ingles sa California, at sa bansa, ang posibleng malaking yamang panlipunan at pang-ekonomiya – kung mamumuhunan ang estado sa kanila.

Mga Nag-aaral ng Ingles sa Mga Paaralan sa California: Di-Pantay na Mga Pamamaraan, Di-Pantay na Mga Kalalabasan

Paglaki mo, pipili ka ng propesyon. At kung nais mo ng talagang mabuting propesyon, dapat nakapagsasalita ka ng higit sa isang lengguwahe upang makausap mo ang iyong mga kliyente at mga taong katrabaho mo.

Estudyante sa Ika-4 na Baitang

Ginawa ng:
Educational Placement Center
San Francisco Unified School District
Hunyo 2009